

## Ang magagandang plano sa paglikas ay nagliligtas ng mga buhay! Hunyo 2024



Larawan 1. JAL 516 na sunog at ang mga lokasyon ng mga eroplanong kasangkot

Noong Enero 2, 2024, ang Japan Airlines (JAL) Flight 516 na may lulan ng 367 na pasahero at 12 tripulante ay lumapag sa Haneda Airport sa Tokyo Japan. Bumangga ito sa isang mas maliit na eroplano ng Coast Guard sa runway at nasunog ang dalawang sasakyang panghimpapawid. Lima sa anim na tripulante na sakay ng mas maliit na eroplano ang namatay sa banggaan. Lahat ng 379 na sakay ng JAL Flight 516 ay ligtas na inilikas sa loob ng 18 minuto pagkalapag kahit na nasusunog ang kaliwang makina ng eroplanong JAL.

Ang ligtas na paglikas ng isang malaking eroplano ay resulta ng isang mahusay na naiintindihan na plano ng paglikas. Sa kabila ng kabiguan ng komunikasyon sa pagitan ng piloto at ng mga tagapaglingkod sa paglalakbay, walang nasawi sa Flight 516. Mabilis na kumilos ang mga tripulante upang palakihin ang mga pang-emerhensiya na mga slides sa sandaling makita nilang ligtas ito. Inilipat nila ang mga pasahero sa mga slides sa mabilis ngunit maayos na paraan. Ang mga piloto at tagapaglingkod sa paglalakbay ay sinanay upang simulan ang paglikas ng mga eroplano sa lalong madaling panahon.

Ang isa pang dahilan para sa ligtas na paglikas ay iginiit ng mga tripulante na iwanan ng mga pasahero ang lahat maliban sa kanilang mga telepono. Ang pagdadala ng iba pang mga kagamitan ay maaaring makapagpabagal sa proseso ng paglabas at humantong sa mga pagkamatay. Ito ay binibigyang-diin sa mensahe ng kaligtasan bago pa man ang paglipad ng eroplano at sinunod ng mga pasahero ang mga tagubiling iyon.

### Alam Mo Ba?

- Sa mga planta kung saan iniimbak o pinangangasiwaan ang mga mapanganib na mga kemikal, ang planong pang-emerhensiya ay dapat na may kasamang mga pagtapon at paglabas ng usog ng mga mapanganib na materyales.
- Sa karamihan ng mga bansa, ang mga kumpanya ay kinakailangang magkaroon ng nakasulat na plano sa pagtugon sa emerhensiya na tumutugon sa mga nakikinitang natural na emerhensiya na maaaring mangyari tulad ng malalang lagay ng panahon, pagbaha, lindol, at tsunami. Kailangan ding tugunan ng plano ang mga sunog at ligtas na paglikas sa lugar.
- Ang mga sunog sa mga operasyong pang-industriya ay maaaring kumalat nang napakabilis. Kahit na sa isang opisina, ang paglalagay ng alpombra at iba pang mga materyales na nasusunog ay maaaring mag-apoy at masunog nang mabilis.
- Ang isang susi sa pagbabawas ng epekto ng sunog o paglabas ay ang napapanahong aktibahin ang sistema ng pang-emerhensiya na alarma. Ang pag-aatubili o pagka-antala sa pagpapatunog ng alarma ay maaaring ma-antala ang mga pagsisikap sa paglisan at paglaban sa sunog.
- Ang ilang mga regulasyon ay nangangailangan ng isang nakikitang mapa ng mga daanang paglisan, mga ligtas na kanlungan para sa kanlungan-sa-lugar, at mga lugar ng pagtitipon.

### Ano Ang Puwede Mong Gawin?

- Alamin ang mga pamamaraan ng emerhensiyang paglikas para sa iyong lugar ng trabaho kabilang ang – mga daanan ng paglikas, mga lokasyon ng kanlungan-sa-lugar, at mga punto ng pagtitipon.
- Alamin kung paano at kailan aktibahin ang mga emerhensiyang alarma sa iyong lugar. Kung hindi ka sigurado, tanungin ang iyong superbisor.
- Aktibong lumahok sa mga emerhensiyang pagsasanay. Bigyang-pansin ang anumang mga isyu na maaaring makaapekto sa isang tunay na emerhensiya gaya ng kalat sa mga daanan ng paglabas, mahihirap na lugar sa paglalakad, o nawawalang mga palatandaan sa labasan.
- Kapag nagsasagawa ng mga pag-ikot o pag-iinspeksyon sa paligid, isipin kung anong mga emerhensiya ang maaaring mangyari at kung ang emerhensiyang iyon ay kasama sa plano ng paglikas.
- Kapag umalis ka sa lugar, huwag bumalik hangga't hindi inaanunsyo ang lagay na 'malinaw lahat'. (tingnan ang Abril 2024 na Beacon)

**Alamin ang iyong mga pamamaraan sa paglikas – at sundin ang mga ito!**